



BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-5 ng Setyembre, 2025

Ipinadala na ang mga Postkard sa mga Rehistradong Botante para sa Espesyal na Eleksyon sa Nobyembre

Ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng San Diego ay nagpadala na ng mahigit 2 milyong mga postkard sa mga rehistradong botante ng County na naglilista ng kanilang mga opsyon sa pagboto para sa [espesyal na eleksyon sa Ika-4 ng Nobyembre](#).

Ang bawat aktibong rehistradong botante ay makakatanggap ng balota sa pamamagitan ng koreo at magkakaroon ng ballot drop box ng Tagapagrehistro, o sa alinmang vote center. Maaaring asahan ng mga botante na tatlong opsyon para ibalik ang kanilang balota: sa pamamagitan ng koreo, sa isa sa mga opisyal na matatanggap nila ang kanilang balota sa linggo ng Ika-6 ng Oktubre, na magbibigay sa kanila ng halos isang buwan upang markahan ang kanilang balota at ibalik ito bago ang pinal na araw ng pagboto sa Ika-4 ng Nobyembre.

Magpapasya ang mga botante sa buong estado kung tatanggapin ang Proposisyon 50, ang isang pag-amyenda sa Konstitusyon ng Estado na may kaugnayan sa muling pagdidistrito. Maaari kayong matuto ng higit pa tungkol sa proposisyong ito sa [California Secretary of State's website](#) (English lamang).

Ang mga botante na nakatira sa Ika-2 Distrito ng Konseho ng Lungsod ng Poway ay magkakaroon ng karagdagang katanungan sa kanilang balota. Magpapasya ang mga botante ng Ika-2 Distrito ng Poway kung aalisin sa katungkulan ang kanilang nahalal na representante sa konseho ng lungsod. Ang mga botante lamang na naninirahan sa Ika-2 Distrito ng Konseho ang may karapatang bumoto sa kontest na ito. Kung hindi kayo sigurado kung nakatira kayo sa distrito, maaari ninyo itong tingnan sa [sdvote.com](#).

Ang maagang pagboto ay magsisimula sa Lunes, Ika-6 ng Oktubre sa [opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa Kearny Mesa na matatagpuan sa 5600 Overland Avenue, San Diego](#). Ang opisina ng Tagapagrehistro ay magbubukas mula Ika-8 ng umaga hanggang Ika-5 ng hapon mula Lunes hanggang Biyernes. Gayunpaman, hinihikayat ng Tagapagrehistro ang mga botante na samantalain ang kaginhawaan ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.



BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN

Ika-5 ng Setyembre, 2025

Maaari kayong bumoto mula sa inyong tahanan at ibalik ang inyong binotohang balota sa koreo – hindi kinakailangan ng selyo – o i-drop-off ito sa alinmang mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro simula Martes, Ika-7 ng Oktubre, hanggang sa Araw ng Eleksyon sa Ika-4 ng Nobyembre. Bisitahin ang sdvote.com para sa listahan ng mga lokasyon at mga oras ng operasyon.

Kung nais ninyong bumoto nang personal, samantalahin ang maagang pagboto. Simula Sabado, Ika-25 ng Oktubre, ang mga piling vote center na matatagpuan sa buong county ay magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon. Simula Sabado, Ika-1 ng Nobyembre, ang lahat ng mga vote center ay magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon. Sa pinal na araw ng pagboto, Ika-4 ng Nobyembre, lahat ng mga vote center, mga opisyal na ballot drop box at ang opisina ng Tagapagrehistro ay magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa [espesyal na eleksyon sa Nobyembre](https://sdvote.com) sa sdvote.com, o tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTY**NEWS**CENTER   